



2025

Buod ng mga Benepisyo

Hawaii

Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP)

H2491 | 026

Alam namin kung gaano kahalaga na magkaroon ng planong pangkalusugan na maaasahan ninyo.

Ito ay buod ng mga serbisyo sa gamot at kalusugan na saklaw ng Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) mula Enero 1, 2025 hanggang Disyembre 31, 2025.

Bibigyan ka ng booklet na ito ng buod ng kung ano ang sinasaklaw namin at ang mga responsibilidad sa paghahatian sa gastos. Hindi nakalista rito ang lahat ng serbisyo, limitasyon, o hindi kasama. Ang kumpletong listahan ng mga serbisyo ay makikita sa Katibayan ng Pagsaklaw (EOC) ng plano. Maaari mong makita ang Katibayan ng Pagsaklaw sa aming website na www.wellcare.com/ohana. Para humiling ng kopya, mangyaring tumawag sa 1-800-225-8017 (TTY 711): Ang mga oras ay Lunes – Linggo, 8 am – 8 pm (lahat ng time zone).

Sino ang maaaring sumali?

Para makapag-enroll sa planong ito, dapat karapat-dapat ka sa Medicare Part A, nakapag-enroll sa Medicare Part B, at nakatira sa aming lugar ng serbisyo. Dapat ipagpatuloy ng mga miyembro ang pagbabayad ng kanilang premium para sa Medicare Part B kung hindi ito binabayaran sa ilalim ng Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid) o ng ibang third party. Para maging kwalipikado, dapat ka ring isang mamamayan ng Estados Unidos o legal na naninirahan sa Estados Unidos. Dapat kang maging kuwalipikado para sa Medicare at sa tulong sa pagbabahagi ng gastos ng Full Medicaid Benefits sa ilalim ng Medicaid.

Sinasaklaw namin ang mga serbisyo at item sa dokumentong ito at ang Katibayan ng Pagsaklaw kung medikal na kinakailangan ang mga ito.

Kasama sa aming lugar ng serbisyo ang mga county na ito sa Hawaii: Hawaii, Honolulu, Kauai, at Maui.

Kung nais mong matuto nang higit pa tungkol sa pagsaklaw at mga gastos ng Original Medicare, tingnan ang iyong kasalukuyang handbook na “Medicare at Ikaw”. Tingnan ito online sa www.medicare.gov o kumuha ng kopya sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227), 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang mga Grupo ng Insurance na Nagbibigay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan na May Hindi Nagbabagong Taunang Singil (HMO)

ay mga plano sa pangangalagang pangkalusugan na inaalok ng isang provider ng insurance na may network ng mga nakakontratang provider ng pangangalagang pangkalusugan at pasilidad. Karaniwang inaatasan ng mga HMO ang mga miyembro na pumili ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) para sa pagsasaayos ng pangangalaga at kung kailangan ninyo ng espesyalista, pipili ang PCP ng espesyalistang kasama rin sa aming network.

Ang Grupo ng Insurance na Nagbibigay ng Mga Serbisyo sa Kalusugan na May Hindi

Nagbabagong Taunang Singil-Point of Service (HMO-POS) na mga plano ay mga HMO na may benepisyong Point-of-Service (POS). Ang benepisyong POS ay nagbibigay-daan sa mga miyembro na makakuha ng pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network para sa mga regular na serbisyo sa ngipin tulad ng ipinapakita sa seksyong "Mga Benepisyong" ng dokumentong ito. Maaaring mas malaki ang iyong mga gastos mula sa sariling bulsa kung gagamit ka ng mga provider na wala sa network. Hindi mo kailangan ng referral para gamitin ang iyong benepisyong POS sa labas ng network. Gayunpaman, bago tumanggap ng mga serbisyo mula sa mga provider na wala sa network, maaaring gustuhin mong kumpirmahin muna sa amin na saklaw namin ang mga serbisyo. Kung matukoy namin sa ibang pagkakataon na ang mga serbisyo ay hindi saklaw, maaari naming tanggihan ang pagsaklaw at kailangan mong bayaran ang mga gastos. Mangyaring tawagan ang aming numero ng Mga Serbisyo para sa Miyembro o tingnan ang iyong Katibayan ng Pagsaklaw para sa higit pang impormasyon, kabilang ang paghahatian sa gastos na naaangkop sa mga serbisyang wala sa network.

Binibigyan ka ng aming plano ng access sa aming network ng mga bihasang provider ng medikal sa iyong lugar. Maaasahan mo ang pagpili ng provider ng pangunahing pangangalaga (PCP) na makikipagtulungan sa iyo at magsasaayos ng iyong pangangalaga. Maaari kang humiling ng kasalukuyang direktoryo ng provider at parmasya o, para sa isang napapanahong listahan ng mga provider na nasa network, bisitahin ang www.2025wellcaredirectoriest.com. **Pakitandaan** na, kung pupunta ka sa ibang lugar nang walang wastong pahintulot, kailangan mong magbayad nang buo. Ang Medicare o ang aming plano ay hindi mananatagot para sa mga gastos. Ang tanging mga pagbubukod ay ang mga emergency, mga serbisyo na agarang kailangan kapag hindi available ang network (iyon ay, sa mga sitwasyon kung saan hindi makatuwiran o hindi posible na makuha ang mga serbisyo sa loob ng network), mga serbisyo sa dialysis sa labas ng lugar, at mga kaso kung saan pinapayagan ng Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) ang paggamit ng mga provider na nasa labas ng network.

Kasama rin sa aming plano ang saklaw ng mga inireresetang gamot at access sa aming malawak na network ng mga botika. Gumagamit ang aming plano ng isang formulary. Partikular na idinisenyo ang aming mga plano sa gamot para sa mga benepisyaryo ng Medicare at kabilang ang isang komprehensibong seleksyon ng mga abot-kayang generic at branded na gamot.

Aling mga doktor, ospital, at parmasya ang maaari kong gamitin? Ang Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) ay may network ng mga doktor, ospital, parmasya, at iba pang mga provider. Maaari kang gumamit ng mga provider na wala sa network para sa mga regular na serbisyo sa ngipin. Para sa lahat ng iba pang serbisyo, dapat kang gumamit ng mga provider na nasa loob ng aming network, o maaaring hindi magbayad ang plano para sa serbisyo.

Puwede mong makita ang direktoryo ng aming plano para sa mga provider at botika sa www.2025wellcaredirectoriest.com. Para sa mga planong may pagsaklaw ng mga inireresetang

gamot, ang kumpletong Formulary ng plano namin (listahan ng mga inireresetang gamot ng Bahagi D) ay nasa aming website na www.wellcare.com/ohana.

Dapat kaming magbigay ng impormasyon sa paraang gumagana para sa iyo (sa mga wikang maliban sa Ingles, sa audio, braille, malaking titik, o iba pang alternatibong format, atbp.). Para sa higit pang impormasyon, o para humiling ng impormasyon sa isang alternatibong format, mangyaring tawagan kami sa 1-800-225-8017 (Dapat tumawag ang mga user ng TTY sa 711): Ang mga oras ay Lunes – Linggo, 8 am – 8 pm (lahat ng time zone).

Para maging karapat-dapat

Available ang planong ito sa sinumang nakakatanggap ng Medikal na Tulong mula sa Estado at Medicare.

Para makapag-enroll sa planong ito, dapat kuwalipikado ka para sa sumusunod na Programa ng Medicare para sa Mga Matitipid:

H2491026000 Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) - FBDE, QMB+, SLMB+

Sumangguni sa seksyong "Mga Antas ng Programa ng Medicare para sa Mga Matitipid (MSP)" sa ibaba para sa isang paglalarawan ng lahat ng antas ng MSP. Ang mga premium, copayment, coinsurance, at deductible ay maaaring magbago batay sa kategorya ng iyong pagiging kuwalipikado sa Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid) at/o sa antas ng "Karagdagang Tulong" na natatanggap mo.

Ang Plano para sa May Mga Espesyal na Pangangailangan na Kwalipikado sa mga benepisyong Medicare at Medicaid (DSNP) ay mga espesyal na plano ng Medicare Advantage na nagbibigay ng benepisyong pangangalagang pangkalusugan para sa mga benepisyaryong may parehong pagsaklaw sa Medicare at Medicaid. Dapat matugunan ng mga benepisyaryong Medicaid ang tiyak na mga kinakailangan sa kita at mapagkukunan. Ang inaalok na pagiging kuwalipikado at saklaw ng mga benepisyong ay itinakda ng estado kung saan inaalok ang plano.

Dapat naka-enroll ka rin sa planong Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid). Ang iyong premium para sa Bahagi B ay binabayaran ng Estado ng Hawaii para sa mga naka-enroll sa full-dual. Mangyaring makipag-ugnayan sa plano para sa higit pang mga detalye.

Pag-unawa sa Pagiging Kwalipikado sa Dalawa

Ang Medicaid ay isang pinagsamang programa ng pederal na pamahalaan at estado na tumutulong sa mga medikal na gastusin para sa ilang partikular na tao na may limitadong kita at mapagkukunan. Mahalaga ang mga benepisyong Medicaid dahil nagbibigay ang estado ng karagdagang pagsaklaw sa pangangalagang pangkalusugan at pinansyal na suporta batay sa antas ng iyong Programa ng Medicare para sa Mga Matitipid (MSP). Nag-iiba-iba ang saklaw ng Medicaid depende sa estado at sa uri ng Medicaid na mayroon kayo. Ang babayaran ninyo para sa mga sinasaklaw na serbisyo ay maaaring dumepende sa antas ng pagiging karapat-dapat ninyo sa Medicaid. Nakakatanggap ng tulong ang ilang taong may Medicaid para sa pagbabayad ng kanilang mga premium sa Medicare at iba pang gastusin. Posible ring makakuha ng saklaw ang ibang tao para sa mga karagdagang serbisyo at gamot na sinasaklaw sa ilalim ng Medicaid ngunit hindi ng Medicare.

Mga Antas ng Programa ng Medicare para sa Mga Matitipid (MSP)

- **Kwalipikado sa mga Benepisyong Medicare at Medi-Cal na may Kumpletong Benepisyong (FBDE):** Maaaring bayaran ng Medicaid ang iyong mga premium para sa Medicare Part A

at B, mga deductible, coinsurance, at copayment. Makakatanggap din ang mga karapat-dapat na benepisyaryo ng kumpletong benepisyo ng Medicaid.

- ***Kwalipikadong Benepisyaryo ng Medicare (QMB)***: Babayaran ng Medicaid ang iyong mga premium para sa Medicare Part A at B, mga deductible, coinsurance, at copayment. (Ang ilang taong may QMB ay karapat-dapat din para sa kumpletong mga benepisyo ng Medicaid (QMB+))
- ***Tinukoy na Benepisyaryo ng Medicare na May Mababang Kita (SLMB)***: Sasagutin ng Medicaid ang gastos ng iyong mga Premium sa Medicare Part B. Ang ilang taong may SLMB ay kuwalipikado rin para sa kumpletong mga benepisyo ng Medicaid (SLMB+)
- ***Kwalipikadong Indibiduwal (QI)***: Babayaran ng Medicaid ang mga gastos na kaugnay ng Medicare Part B.
- ***Kwalipikadong May Kapansanang Nagtatrabahong Indibiduwal (QDWI)***: Babayaran ng Medicaid ang mga gastos na kaugnay ng Medicare Part A.

Tandaan: Ang ilang antas ng MSP ay awtomatikong kuwalipikado para sa “Karagdagang Tulong” para sa tulong sa pagsaklaw ng mga reseta ng Medicare. Hindi sinasaklaw ng ilang estado ang pagbabahagi ng gastos sa Bahagi A at B.

Ano ang “Karagdagang Tulong?”

Ang Low Income Subsidy (LIS), na tinatawag ding “Karagdagang Tulong,” ay maaaring magamit upang tulungan ka sa mga gastos ng Bahagi D tulad ng mga premium, deductible, coinsurance, o copayment. Maraming tao ang kuwalipikado para sa Programang “Karagdagang Tulong” at hindi man lang nila alam tungkol dito. Tandaan na posible ring dumepende ang tulong sa inyong antas ng Programa ng Medicare para sa Mga Matitipid (MSP) at sa inyong kwalipikado sa dalawa na status.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa inyong pagiging karapat-dapat sa Medicaid at kung anong mga benepisyo ang mayroon kayo, tawagan ang numerong nakalista sa likurang pabalat ng dokumentong ito.

May mga serbisyong hindi saklaw ng aming plano ngunit available sa pamamagitan ng Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid). Suriin ang Seksyon ng Buod ng mga Benepisyo na Saklaw ng Medicaid sa dulo ng dokumentong ito para sa karagdagang impormasyon.

Mga Benepisyo

Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026	
Tandaan: Ang mga serbisyong may asterisk (*) ay maaaring mangailangan ng paunang pahintulot. Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugan na maaaring kailanganin ang isang referral.	
Buwanang premium ng plano (kabilang ang medikal at mga gamot)	\$0 Dapat kayong patuloy na magbayad ng inyong premium sa Bahagi B ng Medicare, kung hindi ito binabayaran ng Medicaid o iba pang third party.
Nababawas	Walang nababawas
Maximum na Responsibilidad sa Gastos mula sa Sariling Bulsa (hindi kabilang mga inireresetang gamot)	\$9,350 taun-taon Ito ang pinakamalaking halagang babayaran ninyo sa mga copay at coinsurance para sa mga serbisyo ng Bahagi A at B para sa taon.
Pagsaklaw sa Ospital para sa Inpatient	\$0 na copay para sa bawat pananatili sa ospital na saklaw ng Medicare. *
Saklaw sa Ospital para sa Outpatient Outpatient na mga serbisyo ng ospital	\$0 na copay para sa mga surgical at non-surgical na serbisyo (kabilang ang saklaw ng Medicare na diagnostic colonoscopy). *
Outpatient na mga serbisyo ng ospital para obserbahan ang pasyente	\$0 na copay

Mga Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Mga serbisyo sa ambulatory surgical center (ASC)	\$0 copay para sa bawat saklaw ng Medicare na pagbisita sa isang ambulatory surgical center, kabilang ang saklaw ng Medicare na diagnostic colonoscopy. *
Mga Pagpapatingin sa Doktor Mga Provider ng Pangunahing Pangangalaga	\$0 na copay
Mga Espesyalista	\$0 na copay *
Pangangalagang Pang-iwas (hal., Taunang pagpapatingin habang Walang Sakit, pagsukat sa Bone mass, screening sa kanser sa suso (mammogram), mga screening sa puso, screening sa kanser sa cervix at vagina, screening sa kanser colon at puwit, mga screening sa diyabetis, Screening sa Hepatitis B Virus, screening sa kanser sa prostate (PSA), mga Bakuna (kabilang ang mga bakuna sa Trangkaso, bakuna sa Hepatitis B, bakuna para sa pneumococcal, bakuna sa COVID))	\$0 na copay
Pangangalagang pang-emergency	\$0 na copay

Mga Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Saklaw sa pandaigdigang emergency	\$110 na copay Ang mga pandaigdigang serbisyo sa emergency at mga pandaigdigang serbisyo na agarang kinakailangan ay napapailalim sa \$50,000 na maximum na saklaw ng plano. Walang pandaigdigang pagsaklaw para sa pangangalaga sa labas ng emergency room o emergency na pagkaka-admit sa ospital. <u>Hindi</u> aalisin ang copay kung maa-admit sa ospital para sa mga pandaigdigang serbisyong pang-emergency.
Mga agarang kinakailangang serbisyo	\$0 na copay
Saklaw sa pandaigdigang agarang pangangalaga	\$110 na copay Ang mga pandaigdigang serbisyo sa emergency at mga pandaigdigang serbisyo na agarang kinakailangan ay napapailalim sa \$50,000 na maximum na saklaw ng plano. <u>Hindi</u> aalisin ang copay kung maa-admit sa ospital para sa mga pandaigdigang agarang kinakailangang serbisyo.
Mga Serbisyong Diagnostic/Laboratory/Imaging	
Mga serbisyo sa laboratoryo	\$0 na copay *
Mga diagnostic na pagsusuri at pamamaraan	\$0 na copay *
Mga Outpatient na X-ray	\$0 na copay *
Mga serbisyo sa diagnostic radiology (hal. MRI, CAT Scan)	\$0 na copay *

Mga Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Therapeutic Radiology	\$0 na copay *
Mga serbisyo sa pandinig	
Eksaminasyon sa Pandinig na Saklaw ng Medicare	\$0 na copay *
Regular na eksaminasyon sa pandinig	\$0 na copay * 1 (mga) eksaminasyon kada taon
Mga Hearing Aid Pagsusukat/(Mga) Pagsusuri ng Hearing Aid Allowance para sa hearing aid Lahat ng uri	\$0 na copay * 1 pagsusukat / pagtatasa kada taon Hanggang sa \$500 na allowance bawat tainga bawat taon para sa mga hearing aid. \$0 na copay * Limitado sa 2 hearing aid kada taon
Karagdagang Impormasyon Kaugnay ng Pandinig	Ano ang dapat ninyong malaman Sinasklaw ng Medicare ang mga pagsusuri sa pandinig at pagsusuri sa balanse kung hihilingin ng inyong doktor o iba pang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga pagsusuring ito upang matukoy kung kailangan ninyo ng medikal na paggamot.

Mga Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Mga serbisyo para sa ngipin	
Mga komprehensibong serbisyo na saklaw ng Medicare	\$0 na copay para sa bawat serbisyong saklaw ng Medicare *
Regular na Diagnostic at Pang-iwas na Serbisyo	Nasa network <u>Hindi</u> saklaw
Iba pang mga Diagnostic na serbisyo sa Ngipin	Wala sa network <u>Hindi</u> saklaw
Iba pang mga Pang-iwas na serbisyo sa Ngipin	Nasa network \$0 na copay * Wala sa network 25% coinsurance * 1 araw-araw hanggang 1 taon depende sa uri ng serbisyo
	Nasa network \$0 na copay * Wala sa network 25% coinsurance * 1 araw-araw hanggang 1 taon depende sa uri ng serbisyo

Mga Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Mga serbisyo ng Komprehensibong Rutina	
Mga Serbisyo ng Pagsasaayos ng Ngipin	Nasa network \$0 na copay *
	Wala sa network 25% coinsurance *
Endodontics/Periodontics	Nasa network \$0 na copay *
	Wala sa network 25% coinsurance *
Operasyon sa Bibig/Maxillofacial:	Nasa network \$0 na copay *
	Wala sa network 25% coinsurance *
Prosthodontics- permanenteng ikinakabit	Nasa network \$0 na copay *
	Wala sa network 25% coinsurance *

Mga Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Prosthodontics- natatanggal	Nasa network \$0 na copay * Wala sa network 25% coinsurance *
Karagdagang Pangkalahatang Serbisyo	Nasa network \$0 na copay * Wala sa network 25% coinsurance * Para sa higit pang impormasyon, limitasyon, at hindi kasama, mangyaring tingnan ang iyong Katibayan ng Pagsaklaw. May mga karagdagang limitasyon at hindi kasama sa ngipin.
Karagdagang Impormasyon sa Ngipin	Ano ang dapat mong malaman: Kasama sa planong ito ang pagsaklaw na hanggang \$3,000 bawat taon ng plano para sa lahat ng serbisyo ng komprehensibong rutina sa ngipin, sa loob ng network at labas ng network. Puwede kang gumamit ng mga dentista sa loob ng network o labas ng network para sa rutinang pangangalaga sa ngipin (mga serbisyong hindi saklaw ng Medicare). Maaaring mas malaki ang iyong mga gastos mula sa sariling bulsa kung gagamit ka ng mga provider na wala sa network. Ang mga provider na wala sa network ay hindi nakakontraatang tumanggap ng pagbabayad sa plano bilang pagbabayad nang buo. Maaaring singilin ka nila ng higit pa sa binabayaran ng plano.

Mga Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Mga Serbisyo para sa Paningin	
Pagsusuri sa Mata Saklaw ng Medicare	\$0 na copay (screening para sa diabetic retinopathy na saklaw ng Medicare) \$0 na copay (lahat ng iba pang pagsusuri sa mata na saklaw ng Medicare) *
Regular na eksaminasyon sa mata (Refraction)	\$0 na copay * 1 (mga) eksaminasyon kada taon
Screening para sa glaucoma	\$0 na copay para sa bawat serbisyong saklaw ng Medicare.
Eyewear Saklaw ng Medicare	\$0 na copay *
Regular na eyewear Mga contact lens/Salamin (mga lens at frame)/Mga frame ng salamin Allowance sa salamin sa mata	\$0 na copay * Hanggang sa \$100 na pinagsamang allowance para sa mga contact lens at salamin (mga lens at/o frame) kada taon.
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip	
Inpatient na pagpapatingin	\$0 na copay para sa bawat pananatili sa ospital na saklaw ng Medicare. *
Outpatient na indibidwal na pagpapatingin para sa therapy	\$0 na copay *
Outpatient na panggrupong pagpapatingin para sa therapy	\$0 na copay *

Mga Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Skilled nursing facility (SNF)	Araw 1-100: \$0 na copay bawat panahon ng benepisyo *
Mga Serbisyo sa Therapy at Rehabilitasyon	
Physical Therapy	\$0 na copay *
Mga outpatient na serbisyo sa rehabilitasyon na ibinibigay ng isang occupational therapist	\$0 na copay *
Mga serbisyo sa rehabilitasyon ng бага	\$0 na copay
Ambulansya	
Panlupang Ambulansya	\$0 na copay *
Panghimpapawid na Ambulansya	\$0 na copay *
Mga Serbisyo sa Transportasyon	Hindi saklaw
Mga Gamot sa Medicare Part B	
Mga Gamot sa Chemotherapy at Iba Pang Gamot sa Bahagi B	\$0 na copay *
Insulin	\$0 na copay (maximum bawat buwan) *
Antigen ng Allergy	\$0 na copay *

Pagsaklaw sa Inireresetang Gamot na nasa Bahagi D	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Taunang Yugto ng Deductible	\$0
30-araw/hanggang 100-araw na supply mula sa isang retail o mail order na parmasya ng network	
Lahat ng Sinasaklaw na Gamot	\$0 na copay May ilang sinasaklaw na gamot na limitado lang sa pang-30 araw na supply

Mga Karagdagang Benepisyo

Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026	
Tandaan: Ang mga serbisyong may asterisk (*) ay maaaring mangailangan ng paunang pahintulot. Ang mga serbisyong may parisukat (▪) ay nangangahulugan na maaaring kailanganin ang isang referral.	
Mga Chiropractic na Serbisyo Saklaw ng Medicare	\$0 na copay *
Acupuncture Saklaw ng Medicare	\$0 na copay *
Mga regular na serbisyo sa acupuncture	\$0 na copay * Limitado sa 24 pagpapatingin kada taon
Mga Serbisyo sa Podiatry (Pangangalaga sa Paa) Saklaw ng Medicare	\$0 na copay *

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Mga Virtual na Pagpapatingin	\$0 na copay para sa mga serbisyong virtual na isinasagawa sa pamamagitan ng Teladoc. Nag-aalok ang aming plano ng 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo na access sa virtual na pagpapatingin sa mga doktor na sertipikado ng board sa pamamagitan ng Teladoc para makatulong na matugunan ang maraming alalahanin/tanong kaugnay ng kalusugan. Kasama sa mga serbisyong saklaw ang pangkalahatang medikal, kalusugan ng pag-uugali, dermatology, at marami pang iba. Ang virtual na pagpapatingin (na kilala rin bilang telehealth na pagpapakonsulta) ay isang pagpapatingin sa doktor sa pamamagitan man ng telepono o internet gamit ang isang smart phone, tablet, o computer. Maaaring mangailangan ng internet at device na may camera ang ilang partikular na uri ng pagpapatingin. Para sa higit pang impormasyon, o para magpaiskedyul ng appointment, tawagan ang Teladoc sa 1-800-835-2362 (TTY: 711) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ano ang dapat mong malaman: Ang \$0 na copay na nabanggit sa itaas ay naaangkop lamang kapag ang mga serbisyo ay natanggap mula sa Teladoc. Kung makakatanggap ka ng mga serbisyong telemedicine mula sa isang provider sa network at hindi mula sa virtual visit vendor, ikaw ang magbabayad ng mga bahagi sa gastos na nakalista para sa mga provider na iyon, ayon sa nakasaad sa Katibayan ng Pagsaklaw (halimbawa, kung makakatanggap ka ng mga serbisyong telehealth mula sa iyong PCP, ikaw ang magbabayad ng bahagi sa gastos ng PCP) *

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Platform ng Suportang Panlipunan	Ang aming plano ay nagbibigay ng online na platform ng suportang panlipunan para suportahan ang iyong pangkalahatang kapakanan. Mayroon kang access sa komunidad, mga aktibidad na therapeutic, at mga mapagkukunang ini-sponsor ng plano para makatulong na pamahalaan ang stress at pagkabalisa. Pinapadali ng platform ng Twill para sa iyo na sumali at manatiling kabilang para mapanatili ang isang maayos na journey tungo sa kalusugan ng pag-uugali. Available ito online 24/7, kaya magagamit mo ito kahit kailan mo gusto. Para sa higit pang impormasyon kung paano i-access ang platform, mangyaring tingnan ang iyong Katibayan ng Pagsaklaw. \$0 na copay
Ahensya sa pangangalaga ng kalusugan sa bahay	\$0 na copay *
Mga Kagamitan/Supply na Pangmedikal	
Matitibay na Kagamitang Pangmedikal (Durable Medical Equipment, DME)	\$0 na copay *
Mga Prosthetic	\$0 na copay *
Mga supply para sa diyabetis	\$0 na copay * Para sa higit pang impormasyon, limitasyon, at hindi kasama, mangyaring tingnan ang iyong Katibayan ng Pagsaklaw.
Mga therapeutic na sapatos o insert para sa diyabetis	\$0 na copay *

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Mga serbisyo sa programa sa paggamot ng opioid	\$0 na copay *
Mga Programang Edukasyon para sa Kalusugan at Pananatiling Malusog Fitness	Para sa isang detalyadong listahan ng mga benepisyo ng programang edukasyon para sa pananatiling malusog na inaalok, mangyaring sumangguni sa Katibayan ng Pagsaklaw. \$0 na copay Ano ang dapat mong malaman: Para makatulong na suportahan ang isang aktibo at malusog na pamumuhay, ang iyong plano ay nagbibigay ng isang programa para sa fitness na nag-aalok ng access sa mga lokasyon ng fitness sa buong bansa. May access ang mga miyembro sa mga fitness center nang personal, available na mga on-demand na programa ng ehersisyo, 1:1 Well-Being Coaching, Well-Being Club at iba't ibang Home Fitness Kit (kasama ang fitness tracker na maaaring isuot).
24 na Oras na Nurse Advice Line	\$0 na copay
Taunang Regular na Physical Exam	\$0 na copay Ano ang dapat mong malaman: Ang exam ay kinabibilangan ng detalyadong kasaysayan ng medikal/pamilya at mga rekomendasyon para sa mga pang-iwas na screening/pangangalaga.

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Model ng Disenyo ng Insurance na Batay sa Value (VBID)	Dahil lumalahok ang inyong plano sa programang Value-Based Insurance Design, puwede rin ninyong gamitin ang inyong Wellcare Spendables™ allowance sa alinmang mga benepisyo na ipinapakita sa ibaba. Ang allowance na ito ay pinagsama sa iyong Hindi Kailangan ng Reseta (OTC) na benepisyo. Suriin ang seksyon ng Wellcare Spendables™ sa tsart na ito para sa karagdagang impormasyon tungkol sa card ng Wellcare Spendables™. • Gasolina na magbabayad sa pump - Maaari mong gamitin ang iyong card na pambayad ng gas direkta sa pump. Hindi magagamit ang card para magbayad nang personal sa cash register. Magagamit lang ang iyong card hanggang sa available na halaga ng allowance. • Masustansyang Pagkain - Maaari mong gamitin ang iyong card na pambayad para sa masusustansyang pagkain at produkto sa mga kalahok na retailer. Available ang mga nakahanda nang pagkain para ma-order sa pamamagitan ng online na portal. • Mga Item para sa Pagpapaganda ng Tahanan at Pangkaligtasan - Maaari mong gamitin ang iyong card para tumulong sa gastos sa mga item para sa pagpapaganda ng tahanan at pangkaligtasan. Mag-log in sa iyong portal ng miyembro para bumili ng mga tinatanggap na item. • Tulong sa Renta - Maaari ninyong gamitin ang inyong card para makatulong sa gastos sa renta para sa inyong tahanan. • Tulong sa Utility - Maaari mong gamitin ang iyong card para makatulong sa mga gastusin sa mga utility sa inyong tahanan. Maaaring gamitin ang iyong card para sa mga gastusin sa utility kabilang ang tubig, heating oil at natural gas, kuryente, basura, serbisyo ng cable TV (hindi kabilang ang mga serbisyo sa streaming), landline o mobile phone at internet. Para sa higit pang impormasyon, limitasyon, at hindi kasama, mangyaring tingnan ang iyong Katibayan ng Pagsaklaw.

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Wellcare Spendables™	Makakatanggap kayo buwan-buwan ng \$59 na inilagay na sa inyong card ng Wellcare Spendables™. Ang inyong buwanang allowance ay idaragdag sa kasunod na buwan kung hindi magagamit at mag-e-expire ito sa katapusan ng taon ng plano. Magagamit ang allowance sa card mo sa: • Mga Hindi Kailangan ng Reseta na item (OTC) - Maaari ninyong gamitin ang inyong card sa mga kalahok na retail na lokasyon, sa pamamagitan ng mobile app, o mag-log in sa inyong portal ng miyembro para makapag-order para sa paghahatid sa bahay. Kabilang sa mga halimbawa ng mga sinasaklaw na item ay branded at generic item na mabibili nang walang reseta, bitamina, pain reliever, item para sa sipon at allergy at item para sa diabetes. Dahil nakikilahok ang iyong plano sa Programang Disenyo ng Insurance na Nakabatay sa Halaga, puwede mo ring gamitin ang iyong nakalaang halaga ng Wellcare Spendables™ para sa alinmang mga benepisyo sa ibaba: • Pay-at-pump para sa gasolina • Masustansyang Pagkain • Mga Pagpapaganda ng Bahay at Mga Gamit na Pangkaligtasan • Tulong sa Pagbabayad ng Renta • Tulong sa Pagbabayad ng Utility Sumangguni sa Model ng Value-Based Insurance Design (VBID) sa tsart na ito para sa higit pang impormasyon sa mga benepisyong ito. Para sa higit pang impormasyon, limitasyon, at hindi kasama, mangyaring tingnan ang iyong Katibayan ng Pagsaklaw.

Mga Karagdagang Benepisyo

	Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) H2491, Plan 026
Ang Aking Wellcare Rewards	Sa Aking Wellcare Rewards, makakakuha ka ng mga puntos para sa pagkumpleto ng mga kuwalipikadong aktibidad para maging malusog. Maaaring ma-redeem ang mga puntos para sa mga gift card, hanggang \$75 kada taon, mula sa iyong mga paboritong tindahan tulad ng Walmart®, at higit pa. Maaari kang magsimulang makakuha ng mga puntos sa pamamagitan lamang ng pagrehistro. Kabilang sa ilang mga kwalipikadong aksyon para maging malusog: • Pagkumpleto ng Pagtatasa ng Panganib sa Kalusugan • Pagkonekta ng isang fitness device • Mga taunang pagpapatingin habang walang sakit • Mga taunang bakuna para sa trangkaso, • Mga screening para sa kanser, • Pagsusuri ng A1C Mayroong mga gagamiting paghihigpit sa gift card.

Komprehensibong Nakasulat na Pahayag para sa Mga Prospektibong Magpapatala

Ang mga benepisyong inilarawan kanina sa Buod ng mga Benepisyong ay saklaw ng aming Wellcare 'Ohana Dual Liberty (HMO-POS D-SNP) na plano. Para sa bawat benepisyong nakalista, makikita ninyo kung ano ang sinasaklaw ng aming plano. Ang binabayaran mo para sa mga saklaw na serbisyo sa ilalim ng aming plano ay maaaring depende sa iyong antas ng pagiging kuwalipikado sa Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid).

Buod ng mga Benepisyong na Saklaw ng Medicaid

Ang sumusunod na impormasyon ay para sa mga taong may Medicare at Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid). Kung ang isang benepisyong ay parehong saklaw ng aming plano at Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid), kailangan mong gamitin muna ang saklaw ng benepisyong ng aming plano bago ito saklawin ng Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid).

Maaaring depende ang saklaw ng mga benepisyong sa iyong antas ng pagiging kuwalipikado sa Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid).

Kung may mga tanong ka tungkol sa iyong pagiging kuwalipikado sa Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid), kung ano ang mga benepisyong karapat-dapat sa iyo, o para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid), tingnan ang iyong Handbook ng Miyembro ng Medicaid Member. Maaari ka ring bumisita sa <https://medquest.hawaii.gov/en.html>, o tumawag sa Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid) sa 1-800-316-8005 TTY:711 7:45 a.m. – 4:30 p.m. HT, Lunes – Biyernes.

Hawaii Med-QUEST Division Program (Medicaid)	
•	Mga Serbisyo para sa Ngipin (na may mga limitasyon)
•	Mga diagnostic test
•	Dialysis
•	Matitibay na Medikal na Kagamitan
•	Mga medikal na serbisyong pang-emergency
•	Ambulansya
•	Early and Periodic Screening, Diagnosis and Treatment (EPSDT)
•	Mga serbisyo sa habilitation

• Mga serbisyo ng hospisyo
• Mga bakuna
• Inpatient na Pananatili sa Ospital
• Hindi pang-emergency na transportasyon
• Ospital ng outpatient
• Ambulatory surgical center
• Mga serbisyong medikal ng outpatient o kalusugan ng pag-uugali
• Kalusugan ng pag-uugali
• Mga serbisyong may kaugnayan sa pagbubuntis
• Mga inireresetang gamot
• Mga serbisyo ng rehabilitasyon
• Mga Serbisyong Nakabatay sa Tahanan at Komunidad
• LTSS

Multi-Language Insert
Multi-language Interpreter Services

English: We have free interpreter services to answer any questions you may have about our health or drug plan. To get an interpreter, just call us at **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Someone who speaks English/Language can help you. This is a free service.

Spanish: Contamos con los servicios de interpretación gratuitos para responder cualquier pregunta que pueda tener sobre nuestro plan de salud o medicamentos. Para solicitar un intérprete, llámenos al **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Alguien que hable español puede ayudarlo. Este es un servicio gratuito.

Chinese (Mandarin): 我们提供免费的口译服务，可解答您对我们的健康或药物计划的有关疑问。如需译员，请拨打 **1-877-374-4056 (TTY: 711)**。您将获得中文普通话口译员的帮助。这是一项免费服务。

Chinese (Cantonese): 我們提供免費的口譯服務，可解答您對我們的健康或藥物計劃可能有的任何疑問。如需口譯員服務，請致電 **1-877-374-4056 (TTY: 711)**。會說廣東話的人員可以幫助您。此為免費服務。

Tagalog: May mga libre kaming serbisyo ng interpreter para sagutin ang anumang posible ninyong tanong tungkol sa aming planong pangkalusugan o plano sa gamot. Para kumuha ng interpreter, tawagan lang kami sa **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. May makakatulong sa inyo na nagsasalita ng Tagalog. Isa itong libreng serbisyo.

French: Nous mettons à votre disposition des services d'interprétation gratuits pour répondre à toutes vos questions sur notre régime de santé ou de médicaments. Pour obtenir les services d'un interprète, appelez-nous au **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Un interlocuteur francophone pourra vous aider. Ce service est gratuit.

Vietnamese: Chúng tôi có dịch vụ thông dịch miễn phí để trả lời bất kỳ câu hỏi nào của quý vị về chương trình sức khỏe hoặc chương trình thuốc của chúng tôi. Để nhận thông dịch viên, chỉ cần gọi cho chúng tôi theo số **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Một nhân viên nói tiếng Việt có thể giúp quý vị. Dịch vụ này được miễn phí.

German: Wir bieten Ihnen einen kostenlosen Dolmetschservice, wenn Sie Fragen zu unseren Gesundheits- oder Medikamentenplänen haben. Wenn Sie einen Dolmetscher brauchen, rufen Sie uns unter folgender Telefonnummer an: **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Ein deutschsprachiger Mitarbeiter wird Ihnen behilflich sein. Dieser Service ist kostenlos.

Korean: 당사의 건강 또는 의약품 플랜과 관련해서 물어볼 수 있는 모든 질문에 답변하기 위한 무료 통역 서비스가 있습니다. 통역사가 필요한 경우, **1-877-374-4056(TTY: 711)**번으로 당사에 연락해 주십시오. 한국어를 구사하는 통역사가 도움을 드릴 수 있습니다. 통역 서비스는 무료로 제공됩니다.

Russian: Если у вас возникли какие-либо вопросы о нашем плане медицинского страхования или плане с покрытием лекарственных препаратов, вам доступны бесплатные услуги переводчика. Если вам нужен переводчик, просто позвоните нам по номеру **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Вам окажет помощь сотрудник, говорящий на русском языке. Данная услуга бесплатна.

Arabic: نوّقر خدمات ترجمة فورية مجانية للإجابة على أي أسئلة قد تكون لديك حول خطة الصحة أو الدواء الخاصة بنا. للحصول على مترجم فوري، ما عليك سوى الاتصال بنا على الرقم **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. يمكن أن يساعدك شخص يتحدث العربية. وتتوفر هذه الخدمة بشكل مجاني.

Hindi: हमारे स्वास्थ्य या ड्रग प्लान के बारे में आपके किसी भी प्रश्न का उत्तर देने के लिए, हम मुफ्त में दुभाषिया सेवाएं देते हैं। दुभाषिया सेवा पाने के लिए, बस हमें **1-877-374-4056 (TTY: 711)** पर कॉल करें। हिंदी बोलने वाला/वाली कोई सहायक आपकी मदद कर सकता/सकती है। यह एक निःशुल्क सेवा है।

Italian: Sono disponibili servizi di interpretariato gratuiti per rispondere a qualsiasi domanda possa avere in merito al nostro piano farmacologico o sanitario. Per usufruire di un interprete, è sufficiente contattare il **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Qualcuno la assisterà in lingua italiana. È un servizio gratuito.

Portuguese: Temos serviços de intérprete gratuitos para responder a quaisquer dúvidas que possa ter sobre o nosso plano de saúde ou medicação. Para obter um intérprete, contacte nos através do número **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Um falante de português poderá ajudá-lo. Este serviço é gratuito.

French Creole: Nou gen sèvis entèprèt gratis pou reponn nenpòt kesyon ou ka genyen sou plan sante oswa plan medikaman nou an. Pou jwenn yon entèprèt, annik rele nou nan **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Yon moun ki pale Kreyol Ayisyen ka ede w. Se yon sèvis ki gratis.

Polish: Oferujemy bezpłatną usługę tłumaczenia ustnego, która pomoże Państwu uzyskać odpowiedzi na ewentualne pytania dotyczące naszego planu leczenia lub planu refundacji leków. Aby skorzystać z usługi tłumaczenia ustnego, wystarczy zadzwonić pod numer **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Zapewni to Państwu pomoc osoby mówiącej po polsku. Usługa ta jest bezpłatna.

Japanese: 弊社の健康や薬剤計画についてご質問がある場合は、無料の通訳サービスをご利用いただけます。通訳を利用するには、**1-877-374-4056 (TTY: 711)** にお電話ください。日本語の通訳担当者が対応します。これは無料のサービスです。

Hawaiian: Loa‘a iā mākou nā lawelawe unuhi ‘ōlelo manuahi e pane i nā nīnau āu e pili ana i kā mākou papahana olakino a lā‘au paha. No ka loa‘a ‘ana o ka unuhi ‘ōlelo e kelepona iā mākou ma **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Hiki i kekahi kanaka ‘ōlelo Hawai‘i ke kōkua iā ‘oe. He lawelawe manuahi kēia.

Ilocano: Adda iti libre a serbisyo ti panagpatarus mi tapno masungbatan ti anyaman a saludsod mo maipanggep iti plano ti salun-at wenno agas mi. Tapno makaala ti maysa nga agipatpatarus pakiawagan dakami laeng iti **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Mabalin nga makatulong kenka ti maysa nga agsasao iti Ilocano. Daytoy ket libre a serbisio.

Samoan: E iai matou auaunaga faamatala upu e tali atu i soo se fesili e te ono fesili ai e uiga ia matou fuafuaga tau soifua maloloina poo fualaaui. Ina ia maua se tagata faamatala upu na’o le vili mai a matou i le **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. E mafai ona fesoasoani atu ia te oe se tasi e tautala i le gagana Samoan. E leai se totogi o lenei auaunaga.

Ukrainian: Ми безкоштовно надаємо послуги перекладачів, щоб ви могли отримати відповіді на будь-які запитання щодо нашого плану медичного обслуговування чи забезпечення лікарськими засобами. Щоб отримати допомогу перекладача, просто зателефонуйте нам за номером **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Спеціаліст, який володіє українською, допоможе вам. Ця послуга безкоштовна.

Lao: ພວກເຮົາມີບໍລິການຄົ້ນພາສາຟຣີ ເພື່ອຕອບຄໍາຖາມທີ່ທ່ານອາດຈະມີກ່ຽວກັບແຜນສຸຂະພາບ ຫຼື ຢາຂອງພວກເຮົາ. ເພື່ອຂໍຄື້ນແປພາສາ ພຽງແຕ່ໂທຫາພວກເຮົາໄດ້ທີ່ເບີ **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. ມີຄົນທີ່ເວົ້າພາສາລາວສາມາດຊ່ວຍທ່ານໄດ້. ນີ້ແມ່ນບໍລິການຟຣີ.

Cambodian: យើងមានសេវាកម្មបកប្រែផ្ទាល់មាត់ដោយឥតគិតថ្លៃសម្រាប់ឆ្លើយរាល់សំណួរដែលអ្នកមានអំពីគម្រោងឱសថបូគម្រោងសុខភាពរបស់យើង។ ដើម្បីទទួលបានអ្នកបកប្រែផ្ទាល់មាត់ គ្រាន់តែទូរសព្ទមកយើងខ្ញុំតាមរយៈលេខ **1-877-374-4056 (TTY: 711)**។ មនុស្សម្នាក់ដែលនិយាយភាសាខ្មែរបានអាចជួយអ្នកបាន។ នេះជាសេវាកម្មឥតគិតថ្លៃ។

Hmong: Peb muaj cov kev pab cuam kws txhais lus pab dawb los teb cov nqe lus nug twg uas koj yuav muaj hais txog peb lub phiaj xwm duav roos kev noj qab haus huv thiab tshuaj. Yog xav tau ib tug kws txhais lus ces tsuas hu rau peb tau ntawm **1-877-374-4056 (TTY: 711)**. Ib tug neeg twg uas hais tau lus Hmoob yuav pab tau koj. Qhov no yog kev pab cuam pab dawb xwb.

Thai: เรามีบริการล่ามแปลภาษาให้ฟรีเพื่อตอบคำถามใดๆ ที่คุณอาจมีเกี่ยวกับแผนด้านสุขภาพหรือยาของเรา หากต้องการล่ามแปลภาษา โปรดติดต่อเราที่หมายเลข **1-877-374-4056 (TTY: 711)** คนที่พูดภาษาไทยได้สามารถช่วยคุณได้ บริการนี้ไม่มีค่าใช้จ่าย

Checklist Bago ang Pag-enroll

Bago gumawa ng desisyon sa pag-enroll, mahalagang ganap mong nauunawaan ang aming mga benepisyo at panuntunan. Kung mayroon kang anumang mga tanong, puwede kang tumawag at makipag-usap sa isang kinatawan ng Serbisyo para sa Customer sa 1-800-225-8017 (TTY: 711). Ang mga oras ay mula Lunes – Linggo, 8 am – 8 pm (lahat ng time zone).

Pag-unawa sa Mga Benepisyo

- ☐ Nagbibigay ang Katibayan ng Pagsaklaw (EOC) ng kumpletong listahan ng pagsaklaw at mga serbisyo. Mahalagang suriin ang pagsaklaw, mga gastos, at mga benepisyo ng plano bago ka mag-enroll. Bisitahin ang www.wellcare.com/ohana o tumawag sa 1-800-225-8017 (TTY: 711) upang makita ang kopya ng EOC. Ang mga oras ay mula Lunes – Linggo, 8 am – 8 pm (lahat ng time zone).
- ☐ Suriin ang direktoryo ng provider (o tanungin ang iyong doktor) para matiyak na nasa network ang mga doktor na pinupuntahan mo ngayon. Kung hindi sila nakalista, ibig sabihin, malamang na kailanganin mong pumili ng bagong doktor.
- ☐ Suriin ang direktoryo ng parmasya para matiyak na nasa network ang parmasyang pinupuntahan mo para sa anumang inireresetang gamot. Kung hindi nakalista ang parmasya, malamang na kailanganin mong pumili ng bagong parmasya para sa iyong mga reseta.
- ☐ Suriin ang formulary para matiyak na saklaw ang iyong mga gamot.

Pag-unawa sa Mahahalagang Panuntunan

- ☐ Dapat mong patuloy na bayaran ang iyong premium sa Medicare Part B. Karaniwang ikinakaltas ang premium na ito sa iyong tseke mula sa Social Security kada buwan.
- ☐ Maaaring magbago ang mga benepisyo, premium, at/o copayment/co-insurance sa Enero 1, 2026.
- ☐ **Epekto sa Kasalukuyang Pagsaklaw.** Kung kasalukuyang kang naka-enrol sa isang plano ng Medicare Advantage, magtatapos ang iyong kasalukuyang pagsaklaw sa pangangalagang pangkalusugan ng Medicare Advantage kapag nagsimula na ang bago mong saklaw ng Medicare Advantage. Kung mayroon kang Tricare, maaaring maapektuhan ang iyong pagsaklaw kapag nagsimula na ang bagong pagsaklaw ng Medicare Advantage mo. Mangyaring makipag-ugnayan sa Tricare para sa karagdagang impormasyon. Kung mayroon kang plano ng Medigap, kapag nagsimula na ang pagsaklaw ng Medicare Advantage mo, maaaring gustuhin mong itigil ang iyong patakaran sa Medigap dahil magbabayad ka para sa pagsaklaw na hindi mo magagamit. Kung mayroon kang plano sa Marketplace, kakailanganin mong makipag-ugnayan sa Marketplace para kanselahin ang plano. Kung hindi mo kakanselahin ang iyong plano sa Marketplace, maaaring magbabayad ka para sa pagsaklaw na hindi mo magagamit at maaaring may mga parusa sa iyong pagbabalik ng buwis sa susunod na taon.

- ❑ Nagbibigay-daan sa iyo ang aming plano na makita ang mga provider sa labas ng aming network (mga hindi nakakontratang provider) para sa ilang mga serbisyo. Gayunpaman, habang magbabayad kami para sa ilang mga sakop na serbisyo, dapat sumang-ayon ang provider na tratuhin ka. Maliban sa isang emergency o agarang sitwasyon, maaaring tanggihan ng mga hindi nakakontratang provider ang pangangalaga. Bilang karagdagan, magbabayad ka ng mas mataas na co-pay para sa mga serbisyong natanggap ng mga hindi nakakontratang provider.
- ❑ Ang planong ito ay isang plano para sa may espesyal na mga pangangailangan na kwalipikado sa mga benepisyo ng Medicare at Medicaid (D-SNP). Ang iyong kakayahang mag-enroll ay ibabatay sa pagberipika na may karapatan ka sa parehong Medicare at pangmedikal na tulong mula sa isang plano ng estado sa ilalim ng Medicaid.

Ang 'Ohana Health Plan, ay isang plano na hinahandog ng WellCare Health Insurance of Arizona, Inc.

Ang Wellcare ay ang brand ng Medicare para sa Centene Corporation, isang HMO, PPO, PFFS, PDP na plano na may kontrata sa Medicare at isang aprubadong Sponsor ng Bahagi D. Ang aming mga D-SNP na plano ay may kontrata sa Medicaid program ng estado. Nakadepende ang pag-enroll sa aming mga plano sa pag-renew ng kontrata.

Kabilang sa network ng parmasya ng Wellcare ang mga limitadong mas mura, mas pinipiling parmasya sa mga liblib na lugar sa Georgia, Hawaii, Missouri, at Nebraska. Ang mga mas mababang halaga na ipinapahayag sa aming mga materyal ng plano para sa mga parmasyang ito ay maaaring wala sa parmasyang ginagamit ninyo. Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa aming mga parmasya sa network, kabilang ang kung may mga mas murang pinipiling parmasya sa iyong lugar, tumawag sa 1-866-892-8340 (TTY: 711) para sa Wellcare No Premium (HMO) sa GA o tingnan ang direktoryo ng online pharmacy sa www.wellcare.com/medicare; 1-877-457-7621 (TTY: 711) para sa Wellcare 'Ohana No Premium (HMO) at Wellcare 'Ohana Low Premium Open (PPO) sa HI o tingnan direktoryo ng online pharmacy sa www.wellcare.com/ohana.

Hindi obligasyon ng mga wala sa network/hindi nakakontratang provider na gamutin ang mga miyembro ng Plano, maliban sa mga sitwasyong emergency. Mangyaring tawagan ang aming numero ng Serbisyo para sa Customer o tingnan ang Katibayan ng Pagsaklaw para sa karagdagang impormasyon, kabilang ang paghahatian sa gastos na nalalapat sa mga serbisyong wala sa network.

Sadyang iniwang blangko ang pahinang ito

Makipag-ugnayan sa Amin

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa amin:



Sa pamamagitan ng telepono:

Toll-free sa 1-800-225-8017 (TTY: 711). Maaaring sagutin ng isang lisensyadong ahente ang iyong tawag.



Mga Oras ng Operasyon

Lunes – Linggo, 8 am – 8 pm (lahat ng time zone)



Online

www.wellcare.com/ohana